SDVOTE
COUNTY OF SAN DIEGO
REGISTRAR OF VOTERS

Paano ba ginagawa ang Recall na Eleksyon

Ang California ay magsasagawa ng gubernatoryal na recall na eleksyon sa Ika-14 ng Setyembre, 2021. Ang sinumang rehistradong botante sa California ay maaaring bumoto sa eleksyon. Ang recall ay nag-iisa lamang sa balota ng County ng San Diego.

Ang recall na balota ay magtatanong sa mga botante ng dalawang katanungan:

1) Gusto ba ninyong i-recall ang gobernador? Ibig sabihin ng botong "oo" ay tatanggalin ang gobernador. Ibig sabihin ng botong "hindi" ay mananatili sa pwesto ang gobernador.

2) Kung ma-recall, sinong gusto ninyong ipalit sa kanya?

Maaari ninyong botohan ang alinman sa isa o parehong bahagi ng recall na balota. Maaari kayong mamili para sa ipapalit na kandidato, kahit na kayo ay bumoto ng "hindi" sa unang tanong sa recall. Ang mga katanungan ay hiwalay na bibilangin at ang inyong sagot sa isang tanong ay hindi makakaapekto sa kabila.

Ang kasalukuyang gobernador ay hindi kabilang sa nakalista sa mga papalit na kandidato. Sa ilalim ng batas ng estado, ang isang tao na nais pababain sa katungkulan ay hindi maaaring maging isang kandidato din na kung saan ay sila rin ang magtatagumpay sa recall na eleksyon. Ito rin ay naa-apply sa mga isinusulat-lamang na kandidato. Tanging mga sertipikado na isinusulat-lamang na kandidato ang mabibilang. Isang sertipikadong listahan ng mga isinusulat-lamang na kandidato ang magiging available sa Ika-3 ng Setyembre.

Kung mas higit sa 50% na mga botante ang boboto ng "oo" para i-recall ang gobernador, kung gayon ang papalit na kandidato na may pinakamaraming mga boto ang siyang nai-elect. Walang minimum na nirerequire para sa papalit na kandidato para manalo, at wala ring runoff na eleksyon. Ang mananalo ay siyang magpapatuloy sa natitirang termino, hanggang sa Ika-2 ng Enero, 2023. Kung 50% o mas higit na botong "hindi" sa unang katanungan, sa gayon ang kasalukuyang gobernador ay mananatili sa opisina.

Ang mga balotang pangkoreo ay naipadala na sa lahat ng mga rehistradong botante sa California. Maaari na kayong bumoto ng in-person ngayon sa opisina ng Tagapagrehistro,

Lunes – Biyernes, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon o sa daan-daang mga lokasyon ng pagboto mula Ika-11 – Ika-14 ng Setyembre.

I-check ang inyong estado ng rehistrasyon

Magparehistro para makaboto

Maghanap ng lokasyon ng mail ballot drop-off na malapit sa inyo.